Magalak ka sa dalawang liwanag na walang binigyan ng dalawang ito na isang propeta bago mo: ang Pambungad ng Aklat at ang mga Pangwakas ng Kabanatang Al-Baqarah. Hindi ka bibigkas ng isang titik mula sa dalawang ito malibang bibigyan ka [ng hiling mo]."}

Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Samantalang si Anghel Gabriel ay nakaupo sa tabi ng Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan), nakarinig siya ng isang langitngit mula sa ibabaw niya kaya nag-angat siya ng ulo niya saka nagsabi siya: "Iyon ay isang pinto mula sa langit, na binuksan ngayong araw, na hindi iyon binuksan kailanman kundi ngayong araw." May bumaba mula roon na isang anghel kaya nagsabi siya: "Ito ay isang anghel na bumaba papunta sa Lupa, na hindi ito bumaba kailanman kundi ngayong araw." Bumati ito at nagsabi ito: "Magalak ka sa dalawang liwanag na walang binigyan ng dalawang ito na isang propeta bago mo: ang Pambungad ng Aklat at ang mga Pangwakas ng Kabanatang Al-Baqarah. Hindi ka bibigkas ng isang titik mula sa dalawang ito malibang bibigyan ka [ng hiling mo]."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Si Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga) ay minsang nakaupo sa tabi ng Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) saka nakarinig siya ng isang tunog mula sa langit gaya ng tunog ng pinto kapag binuksan ito. Kaya nag-angat si Anghel Gabriel ng ulo niya at paningin niya sa langit. Pagkatapos nagpabatid siya sa Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) na iyon ay isang pinto mula sa langit, na binuksan ngayong araw at hindi pa naunang binuksan iyon kailanman kundi ngayong araw. Bumaba mula roon ang isang anghel, kabilang sa mga anghel, papunta sa Lupa, na hindi ito bumaba kailanman kundi ngayong araw. Bumati ang anghel sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nagsabi ito sa kanya: "Magalak ka sa dalawang liwanag na walang binigyan ng dalawang ito na isang propeta bago mo. Ang dalawang ito ay ang Kabanatang Al-Fātiḥah at ang huling dalawang talata mula sa Kabanatang Al-Baqarah." Pagkatapos nagsabi pa ang anghel: "Hindi bibigkas ang isa ng isang titik mula sa dalawang ito malibang bibigyan siya ni Allāh (napakataas Siya) na nasa dalawang ito na kabutihan, panalangin, at hiling.